

Mga Madalas na Itinatanong Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Pamilya at Guro

Ang mga kabataan edad 12 hanggang 17 ay maaaring mabakunahan ng Pfizer COVID-19.

Upang humanap ng lugar sa pagbabakuna na malapit sa iyo, bisitahin ang nyc.gov/vaccinefinder o tumawag sa **877-829-4692**. Maraming lugar ang hindi nangangailangan ng mga appointment.

- Ang mga bakuna ay libre! Hindi mo kailangan ng insurance sa kalusugan upang mabakunahan.
- Dapat magbigay ang mga magulang o tagapagbantay ng permiso sa personal o sa pamamagitan ng telepono para sa isang menor de edad upang mabakunahan. Maraming lugar ang tumatanggap din ng nakasulat na permiso. Ang sinumang edad 12 hanggang 15 ay dapat may kasama silang adulto.
- Patunay ng edad, tulad ng ID o sertipiko ng kapanganakan, ay kinakailangan. Maaari ring kumpirmahin ng magulang o tagapagbantay ang edad sa ngalan ng menor de edad.
- Na-test ang bakunang Pfizer sa mga taong edad 12 hanggang 17 sa mga klinikal na pag-aaral at naipakita na ligtas at epektibo laban sa pagkakasakit sa COVID-19. Karaniwan ang mga masamang epekto at nangangahulugan na ang katawan mo ay nagpapalakas ng resistensiya!

1. Bakit kailangang mabakunahan ang isang wala pang 18? Akala ko ang COVID-19 ay hindi nakaaapekto sa kabataan.

Ang mga tao ng lahat ng edad ay maaaring makakuha ng COVID-19. Bagaman ang COVID-19 ay kadalasang mas mapanganib para sa mga adulto, lubhang nagkasakit at namatay sa COVID-19 ang mga kabataan. Ang ilang tao ay may mga pangmatagalang problema sa kalusugan din pagkatapos magkaroon ng COVID-19, tulad ng mga problema sa paghinga o namamalaging pagkapagod.


Ang pagbabakuna sa mga kabataan ay tumutulong din na protektahan ang iba, tulad ng mga lolo't lola at mga kamag-anak na may medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa tuminding peligro para sa mga malalang kahahantungan. Tinutulungan pa nito ang mga tao sa komunidad mo, yamang ang pagkakaroon ng bakuna ay tumutulong na patigilin ang pagkalat ng virus. Maraming kabataan ang nakakukuha at naikalat pa rin ang virus kahit na hindi masama ang pakiramdam nila.

2. Kinakailangan ba na ako ay mabakunahan?

May pagpipilian ang lahat tungkol sa pagpapabakuna. Gusto naming magkaroon ang mga tao ng impormasyon na kailangan nila upang magdesisyon.

**NYC VACCINE FOR ALL:
SAFE, FREE, EASY**

NYC



3. Saan maaaring bakunahan ang isang wala pang 18?

Ang pagpapabakuna sa NYC ay madali. Maaari kang pumunta sa nyc.gov/vaccinefinder o tumawag sa **877-829-4692** upang humanap ng lugar na malapit sa iyo. Ang mga taong edad 12 hanggang 17 ay maaaring mabakunahan lng Pfizer lang, kaya siguruhin na humanap ng lugar na nag-aalok ng bakunang iyan.

4. Paano natin nalalamang ang mga bakuna ay gumagana para sa mga kabataan?

Pinag-aralan ang bakunang Pfizer sa mga kabataan at naipakitang napakaligtas at epektibo. Ang proseso ay maingat na sinubaybayan ng Pangasiwaan sa Pagkain at Gamot ng U.S. at iba pang organisasyon pati mga independiyenteng dalubhasa.

5. Ano ang mga masamang epekto? Makakasakit ba ito?

Ang isang kabataan ay maaaring makadama ng kaunting kirot kapag binabakunahan, tulad ng anumang ibang bakuna. Pagkatapos, maaari magkaroon siya ng pamamaga sa kanyang braso kung saan siya binakunahan, at maaari siyang mapagod o makaramdam ng pananakit, magkaroon ng sakit ng ulo, o lagnatin. Kadalasan ang mga ito ang mga palatandaan na gumagawa ng proteksiyon ang katawan. Kadalasang tumatagal ang mga masamang epekto ng isa hanggang dalawang araw. Kung may anumang mga alalahanin ka tungkol sa mga masamang epekto, kausapin ang pediatrician mo o tumawag sa **311**.

Ang bakunang Pfizer ay nangangailangan ng dalawang iniksiyon. Mahalaga na mabakunahan sa ikalawang iniksiyon kahit na kung ikaw o anak mo ay may mga masamang epekto pagkatapos ng unang iniksiyon.

6. Magkano ang bakuna? Paano kung wala kaming insurance?

Ang bakuna ay libre at hindi mo kailangan ng insurance upang makuha ito. Kung may insurance ka, maaaring singilin ito, pero hindi ka magbabayad ng copay o anumang ibang bayarin.

7. Walang doktor ang aming pamilya. Sino ang tatawagan ko kung may mga tanong ako?

Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga bakuna, bisitahin ang nyc.gov/covidvaccine o cdc.gov/covidvaccine. Maaari mo ring tawagan ang **311** at humiling na makipag-usap sa isang tao tungkol sa mga bakuna sa COVID-19.

8. Ano ang maaaring gawin ng isang kabataan sa sandaling siya ay mabakunahan?

Ang lahat ng mga aktibidad ay mas ligtas sa sandaling ganap na nabakunahan ang isa! Ang mga taong ganap na nabakunahan ay maaaring bumalik sa mga aktibidad na kanilang tinatamasa bago ang pandemiya at maaaring gawin ang karamihan sa mga aktibidad nang hindi nagsusuot ng pantakip sa mukha o magkaroon ng pisikal na distansiya. Sa mga tiyak na lugar, kailangan ng mga tao na panatilihin ang mga mask na nakasuot, kahit na nabakunahan. Kasama dito ang mga paaralan, pampublikong transportasyon, mga tindahan at iba pang pampublikong espasyon kung hinihiling ng nagmamay-ari o nagpapatakbo.

Inirerekomenda namin na panatilihin ng lahat ang kanilang pantakip sa mukha na nakasuot kapag nasa loob ng gusali hanggang sa mas marami pang tao ang mabakunahan.

9. Ang mga taong edad 12 hanggang 17 ba ay kailangan ang permiso upang mabakunahan?

Oo. Dapat magbigay ng pahintulot ang isang magulang o tagapagbantay. Ang pahintulot ay maaaring ibigay nang personal o sa pamamagitan ng telepono sa oras ng appointment. Tumatanggap din ang ilang lugar ng pagbabakuna ng nakasulat na pahintulot, kasama ang lahat ng mga lugar na pinatatakbo ng Lungsod. Ang mga kabataang edad 12 hanggang 15 ay dapat samahan sa lugar ng pagbabakuna ng isang magulang o tagapagbantay o isa pang tagapangalagang adulto na pinili ng magulang o tagapagbantay.

Ang isang kabataan ay kailangan ang patunay ng edad, tulad ng sertipiko ng kapanganakan o ID na may petsa ng kanyang kapanganakan. Kung wala siyang patunay ng edad, maaaring patotohanan ng magulang o tagapagbantay ang kanyang edad. Hindi mo kailangang ibahagi ang katayuang pang-imigrasyon mo upang mabakunahan.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang situwasyon. 5.26.21

Mga Lokasyon ng Lugar sa Pagbabakuna sa COVID-19 ng Lungsod ng New York

Walang kailangang appointment para sa mga lugar sa ibaba. Upang humanap ng mga karagdagang lugar, bisitahin ang nyc.gov/vaccinefinder at hanapin ayon sa uri ng bakuna na "Pfizer."

Brooklyn

**NYC Health + Hospitals,
Coney Island**
2601 Ocean Parkway
Brooklyn, NY 11235

**NYC Health + Hospitals,
Kings County**
451 Clarkson Ave.
Brooklyn, NY 11203

**NYC Health + Hospitals,
Woodhull**
760 Broadway
Brooklyn, NY 11206

**NYC Vaccine Hub -
St. Nicks Alliance**
211 Ainslie St.
Brooklyn, NY 11211

**NYC Vaccine Hub -
Flatbush YMCA**
1401 Flatbush Ave.
Brooklyn, NY 11210

**NYC Vaccine Hub -
Starrett City/Spring
Creek Towers
Cityblock Health**
1310 Pennsylvania Ave.
Brooklyn, NY 11239

**Barclays Center -
Modell's Sports**
140 Flatbush Ave.
Brooklyn, NY 11217

**NYC Vaccine Hub - Brooklyn
Children's Museum**
145 Brooklyn Avenue
Brooklyn, NY 11203

Bronx

**Bronx Zoo
Vaccination Site**
2300 Southern Blvd.
Bronx, NY 10460

**NYS - Bay Eden
Senior Center**
1220 E. 229th St.
Bronx, NY 10466

**NYC Health + Hospitals,
Jacobi**
1400 Pelham Parkway
South
Bronx, NY 10461

**NYC Health + Hospitals,
Lincoln**
234 E. 149th St.
Bronx, NY 10451

**NYC Health + Hospitals,
North Central Bronx**
3424 Kossuth Ave.
Bronx, NY 10467

**NYC Vaccine Hub -
Lehman College -
The Apex Center**
250 Bedford Park Blvd. West
Bronx, NY 10468

Manhattan

NYS - Javits Center
429 11th Ave.
Manhattan, NY 10018

**NYC Health + Hospitals,
Bellevue**
462 First Ave.
Manhattan, NY 10016

**NYC Health + Hospitals,
Harlem**
506 Lenox Ave.
Manhattan, NY 10037

**NYC Health + Hospitals,
Metropolitan**
1901 First Ave.
Manhattan, NY 10029

**NYC Vaccine Hub -
Yeshiva University**
2495 Amsterdam Ave.
Manhattan, NY 10033

**NYC Vaccine Hub - Abyssinian
Baptist Church**
132 West 138th St.
Manhattan, NY 10030

**NYC Vaccine Hub - American
Museum of Natural History**
200 Central Park West
Manhattan, NY 10024

**NYC Vaccine Hub - ATC
Vaccination Times Square
(Dating NFL Experience)**
20 Times Square
Manhattan, NY 10036

**NYC Vaccine Hub -
Fulton Center/Google**
119 9th Ave.
Manhattan, NY 10011

Staten Island

**Northwell SIUH -
Empire Outlets**
55 Richmond Terrace
Staten Island, NY 10301

**NYC Vaccine Hub - St. Joseph -
St. Thomas School**
50 Maguire Ave.
Staten Island, NY 10309

**Northwell SIUH -
Staten Island Mall**
280 Marsh Ave.
Staten Island, NY 10314

Queens

NYS - Aqueduct Racetrack
110-00 Rockaway Blvd.
Queens, NY 11420

Citi Field
36-2 126th St.
Queens, NY 11368

NYS-FEMA York College
160-02 Liberty Ave.
Queens, NY 11433

**NYC Health + Hospitals,
Elmhurst**
79-01 Broadway
Queens, NY 11373

**NYC Health + Hospitals,
Queens**
82-68 164th St.
Queens, NY 11432

**NYC Vaccine Hub -
Queensborough
Community College
Robert F. Kennedy Hall**
221-05 56th Ave.
Queens, NY 11364

**NYC Vaccine Hub - Korean
Community Services**
203-05 32nd Ave.
Queens, NY 11361

**NYC Vaccine Hub - Queens
Center Mall**
58-56 92nd St.
Queens, NY 11373

**NYC Vaccine Hub - Queens
Public Library at Ozone
Park**
92-24 Rockaway Blvd.
Queens, NY 11417

**Queens Public Library -
Flushing Library**
41-17 Main St.
Queens, NY 11355

